8

# Modelong Banghay-Aralin sa Filipino

Kuwarter 4

Aralin

2

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino 8**
**Kwarter 4: Aralin 2 (Linggo 2)**
**TP 2025-2026**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong Panuruan 2025-2026. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Leo A. Tolentino (Vicente P. Trinidad National High School - Valenzuela)

**Tagasuri:**

- Evelyn M. Varron (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**FILIPINO / KUWARTER 4/ BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – Florante at Laura para sa pagpapahalaga sa sariling kalinangan at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakalilikha ang mag-aaral ng *spoken poetry* na nagtatampok sa apat na himagsik ni Balagtas na maiuugnay sa panunumbalik ng Kalinangang Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Nasusuri ang mga kaugnay na impormasyon hinggil sa Obrang Maestra – Florante at Laura**<br>1. Naipaliliwanag ang talambuhay ng may-akda ng Obra Maestrang Florante at Laura<br>2. Natutukoy ang mga kaugnay na impormasyon hinggil sa Florante at Laura |
| **D. Nilalaman** | **Pagsusuri ng mga Kaugnay na Impormasyon na Hinggil sa Florante at Laura** |
| **E. Integrasyon** | Kapayapaan, Katarungan, at Matatag na mga Institusyon |

**II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO**


Chua, X. (n.d.). Xiao Time: Francisco Balagtas, Bayaning Makata. Retrieved June 10, 2024, from www.youtube.com website: https://www.youtube.com/watch?v=AaQuhypiixM

Dillague, N., Gorrospe, F., & Marquez, S. (1998). Dangal (Panitikang Pilipino) (J. Flores, Ed.). Manila: Adamson University.

δωεετρεα. (2011, June 1). Noel Cabangon ♫ Kanlungan☆LYRIC VIDEO☆. Retrieved June 10, 2024, from YouTube website: https://www.youtube.com/watch?v=DS1FNypJgfs

Francisco Balagtas. (2023, May 25). Retrieved June 10, 2024, from Wikipedia website: https://tl.wikipedia.org/wiki/Francisco_Balagtas



Im Walde. (2019). Felipe Padilla de Leon - Kay Selya (1951) [YouTube Video]. Retrieved from https://www.youtube.com/watch?v=1NJcAjFJeqo

Komisyon sa Wikang Filipino. (n.d.). Diksiyonaryo. Retrieved May 22, 2024, from diksiyonaryo.ph website: https://diksiyonaryo.ph/

Maleta de viaje - Descarga iconos gratis. (n.d.). Retrieved June 10, 2024, from icon-icons.com website: https://icon-icons.com/es/icono/maleta-de-viaje/49891

PDF Coffee. (n.d.). Apat na Himagsik ni Balagtas, ToAZ INFO A Resolution Integrate For PDF Viewer. Retrieved June 10, 2024, from toaz.info website: https://toaz.info/doc-view-3
Tayutay. (2022, January 11). Retrieved June 10, 2024, from Wikipedia website: https://tl.wikipedia.org/wiki/Tayutay
Villafuerte, P., Bandril, L., Bernales, R., Cabrera Jr., H., & Mangonon, I. (2000). Panitikang Panrehiyon sa Pilipinas. Maysan, Valenzuela City: Mega-Jesta Prints, Inc.
Xiaotime!, I. (n.d.). maynila. Retrieved June 10, 2024, from IT'S XIAOTIME! website: https://xiaochua.net/tag/maynila/

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>UNANG ARAW<br><br>1. Maikling Balik-aral. Magbigay ng mga salitang maiuugnay sa kaligirang pangkasaysayan ng panahon kung kailan nasulat ang Florante at Laura. Isulat ito sa loob ng magkabilang kahon.<br><br><table><tr><td></td><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td rowspan="2">Maghanap ng larawang kumakatawan sa kaligirang pangkasaysayan ng panahong naisulat ang Florante at Laura.</td><td></td></tr><tr><td></td><td></td></tr><tr><td></td><td></td><td></td></tr></table><br>2. Pidbak<br>Ipaliwanag ang kaligirang pangkasaysayan ng Panahon ng mga Kastila.<br><br>_______________________________________________</td><td>Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang mga iminungkahing tagubilin.</td></tr>
<tr><td>B. Paglalahad ng Layunin</td><td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br><br>PANGHIKAYAT NA GAWAIN<br>Sabayang Awit ng klase – Kanlungan ni Noel Cabangon.<br>https://www.youtube.com/watch?v=DS1FNypJgfs</td><td></td></tr>
</table>

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Itanong sa klase: Batay sa napakinggan, ano-anong pangyayari ang natatandaan ng umaawit tungkol sa mga naranasan nila ng kanyang minamahal? Iugnay sa aralin na “Florante at Laura - Kay Selya.” Ano-ano naman kayang karanasan ang naaalala ni Balagtas patungkol sa kanyang mahal? (panghikayat na tanong ito, hindi kailangang sagutin)<br><br>
2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br><br>
HANAP-SALITA. Hanapin ang salita sa crossword upang mapunan ang nawawalang pantig sa salita.<br>

<br>
1. PAG __ ___ ___ LAN - balikan ng malay o bumalik ang malay<br>
2. PIN ___ ___ ___ - uri ng brotsa na manipis at patulis ang balahibo sa dula na ginagamit sa pagpipinta<br>
3. PA ___ ___ ___ DIM - matinding balisa, karaniwang dahil sa sinisikil na sama ng loob<br>
4. ___ ___ ___ SING - maalat na tubig<br>
5. ___ ___ ___ PA - uri ng diwatang naninirahan sa tubigan, parang o kabundukan<br>
6. BU ___ ___ ___ - hindi hinog, karaniwan sa bungangkahoy
</td>
<td>
Mga Tamang Sagot:<br>

<br>
1. PAGSAULAN<br>
2. PINSEL<br>
3. PANIMDIM<br>
4. TABSING<br>
5. NIMPA<br>
6. BUBOT
</td>
</tr>
<tr>
<td>C. Paglinang at Pagpapalalim</td>
<td>
IKALAWANG ARAW<br><br>
Kaugnay na Paksa 1: Talambuhay ni Francisco Baltazar<br><br>
1. Pagproseso ng Pag-unawa<br>
Panoorin sa klase ang youtube link patungkol sa talambuhay ni Francisco Baltazar.
</td>
<td></td>
</tr>
</table>

Link: [https://www.youtube.com/watch?v=AaQuhypiixM](https://www.youtube.com/watch?v=AaQuhypiixM)

Habang pananonood, magtala ang mga mag-aaral ng mga mahahalagang impormasyon patungkol sa buhay ni Francisco Baltazar.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**BIO-DATA NI KIKO.** Punan ng mga kinakailangang impormasyon ang bio-data ni Francisco Baltazar. Itala ang mga nakuhang impormasyon mula sa video at buksan rin ang link sa ibaba para sa mga karagdagang impormasyon. Talakayin ng guro ang sagot bilang pagwawasto sa klase.




Larawan ni Francisco Balagtas. (2008). Wikimedia Commons. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:PH_nhi_francisco_baltazar.jpg.

Pangalan:________________________________________ Palayaw: _________________

Kasarian: _______________________________________ Edad: ____________________

Tirahan: ______________________________________________________________________

Petsa ng Kapanganakan: _________________________ Lugar ng Kapanganakan: __________________________

**PAMILYA**

Ama: ____________________________________________ Hanapbuhay: ____________

Ina: _____________________________________________

Asawa: __________________________________________

Kapatid: ______________________________________________________________________

Petsa ng Kamatayan: ____________________________ Sanhi: ___________________

**Karagdagang Impormasyon/ Pangyayari sa Buhay:**

| | | |
|---|---|---|
| | ______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | |
| | **Edukasyon** | |
| | **Mga Naging Paaralan:**<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | |
| | **Hanapbuhay** | |
| | ______________________<br>______________________<br>______________________ | |
| | **Mga Nakaimpluwensiya** | |
| | ________________<br>________________<br>________________ | |
| | **Mga Tala Ukol sa Kanyang Pag-ibig** | |
| | ______________________________<br>______________________________ | |
| | **Himagsik** | |
| | 1.____________________<br>2.____________________<br>3.____________________<br>4.____________________ | |
| | **Buhay Bilang Manunulat** | |
| | ______________________________<br>______________________________ | |
| | **Mga Naisulat:** | |
| | ______________ ______________<br>______________ ______________<br>______________ ______________<br>______________ ______________<br>______________ ______________<br>______________ ______________ | |
| | **Huling Habilin:** | |

"______________________________________________________________
______________________________________________________________"

### 3. Paglalapat at Pag-uugnay

**Tala: Apat na HImagsik ni Balagtas.** Layon ni Balagtas na gisingin ang diwa ng mga Pilipino tungo sa pagbabago sa pamamagitan ng pagpapakita sa apat na himagsik sa kabuuan ng kanyang akdang Florante at Laura. Kaugnay na rin tio ng kanyang pagtutol sa pananakop ng Espanya sa ating bansa. Bagaman at hindi ito hayagang iniletra sa kanyang akda, sinumang babasa ng kanyang isinulat na awit ay makapaghihinuha na ito ang ideyang nais niyang ipabatid bagaman at nakakubli sa ilang tauhan, simbolismo, pahiwatig at matatalinhagang pananalita.

**Gawain 1. TUKOY HIMAGSIK!** Piliin sa apat na himagsik ni Balagtas maiuugnay ang mga pangyayari sa ibaba. Isulat ang letra sa patlang bago ang bilang.

A. Himagsik laban sa malupit na pamahalaan
B. Himagsik laban sa hidwang pananampalataya
C. Himagsik laban sa maling Kaugalian
D. Himagsik laban sa mababang uri ng panitikan

_____1. Pang-aabuso ng mga Kastila sa mga Pilipino
_____2. Paghihiwalay ng simbahan sa estado
_____3. Di maayos na pagpapalaki ng magulang sa anak
_____4. Agwat sa pagtula at paggamit ng wikang Tagalog
_____5. Hindi nasakop ng Katolisismo ang Mindanao
_____6. Kawalan ng pagkakapantay-pantay sa lipunan
_____7. Pagiging mainggitin sa kapwa
_____8. Pagsulat ng akdang pampanitikan sa mahalagang tema
_____9. Paghihiganti sa kaaway
_____10. Pang-aabuso sa kapangyarihan

**Gawain 2. ALIN SA HIMAGSIK?** Piliin sa apat na himagsik ang maiuugnay ng mag-aaral sa mga kasalukuyang isyu sa lipunang Pilipino. Ipaliwanag ng mag-aaral ang sagot.

| Himagsik | Kaugnay na Isyu sa Lipunang Pilipino sa Kasalukuyan | Paliwanag |
|---|---|---|
| | | |

**Mga Tamang Sagot:**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | ***Mungkahing sagot:*** *Himagsik laban sa maling kaugalian* | ***Mungkahing sagot:*** *Crab mentality* | ***Mungkahing sagot:*** *Ugali na ng ilang mga Pilipino ang gumawa ng isyu o paninirang-puri sa mga taong kinaiinggitan lalo at nakikita nila itong umuunlad sa buhay.* | 1. A<br>2. B<br>3. C<br>4. D<br>5. B<br>6. A<br>7. C<br>8. D<br>9. C<br>10. A |

**IKATLONG ARAW**

**Kaugnay na Paksa 2: Kay Selya**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Pakinggan ang *youtube video* awit Kay Selya, sa musika ni Felipe Padilla de Leon (1951)

Link: *https://www.youtube.com/watch?v=1NJcAjFJeqo*

Pagkatapos mapakinggan ang awit, tanungin ang mga mag-aaral:
1. Ano ang larawang nabuo sa iyong isip habang pinakikinggan ang awit?
2. Ano ang kinahinatnan ng pag-iibigan ayon sa awit?
3. Isa-isahin ang mga damdaming ibig ipadama ng umaawit sa kanyang mga tagapakinig.
4. Ano ang mensahe ng awit para kay Selya?

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

**Gawain 1. TALASTASIN MO!** Basahin ang kabuuang mga saknong ng bahaging Kay Selya (1-22). Tukuyin kung sa anong bahagi mababasa at mauunawa ang nasa pangungusap.

| | |
|---|---|
| 1. Saknong 1-2 | A. Nangangamba si Balagtas na malimot ni Selya ang pag-ibig sa kanya. |
| 2. Saknong 3-4 | B. Binanggit na maaaring may itinatagong retrato ni Selya si Balagtas. |
| 3. Saknong 5-6 | C. Nagbalik sa alaala ang paliligo nila sa dagat. |
| 4. Saknong 7-8 | D. Bahaging sinabi ni Balagtas na musa (inspirasyon niya si Selya. |

**Mga Tamang Sagot:**

1. A
2. H
3. B
4. E
5. I
6. C

| | |
|---|---|
| 5. Saknong 9-10 | E. Binabalikan ni Balagtas ang mga lugar na bahagi ng kanilang pag-iibigan (lansangan, ilog, lunong mangga). |
| 6. Saknong 11-12 | F. Bahaging binanggit ni Balagtas ang inisyal ng pangalan ni Selya. |
| 7. Saknong 13-14 | G. Bahaging tatlong beses nagtanong (sa isang saknong) si Balagtas dahil sa nadaramang kalungkutan. |
| 8. Saknong 15- 16 | H. Hanggang kamatayan, habangbuhay ang pagmamahal ni Balagtas kay Selya. |
| 9. Saknong 17-19 | I. Sinamahan ni Balagtas si Selya noong ito ay maysakit. |
| 10. Saknong 20-22 | J. Bahaging itinanong ni Balagtas: Bakit pa siya hindi namatay nang sila ay magkahiwalay? |

7. G
8. J
9. D
10. F

**Gawain 2. TAYUTAY**

**Tala:** Ang **tayutay** ay pahayag na gumagamit ng mga salita sa isang di-pangkaraniwan o hindi literal na paraan upang mapaigting ang bisà ng kahulugan. (Pag-aralan ng mga mag-aaral ang mga uri ng tayutay).

**Panuto:** Tukuyin ang tayutay na mauunawa mula sa mga salitang nakasulat nang madiin. Isipin muna ang sagot sa tanong kaugnay ng saknong. Pagkatapos ay saka tukuyin ang tayutay batay sa ipinauunawang sagot.

| | |
|---|---|
| 1. Saknong 9. Ang katauhan ko'y kusang nagtatalik<br>sa buntung-hininga nang ika'y may sakit,<br>himutok ko noo'y inaaring-Langit,<br>**Paraiso naman ang may tulong-silid.** | **Tanong:** Paraiso bang maituturing ang may tulong silid?<br><br>*Sagot: Pabaligho o Paradoks* |
| 2. Saknong 13. Ano pa nga't walang 'di nasisiyasat<br>ang pag-iisip ko sa tuwang kumupas;<br>sa kagugunita, **luha'y lalagaslas**,<br>sabay ang taghoy kong O, nasawing palad! | **Tanong:** Maaari bang umagos nang mabilis at maingay ang luha?<br><br>*Sagot: Pagmamalabis o Hayperbole* |
| 3. Saknong 22. **Ikaw na bulaklak niring dili-dili,** | **Tanong:** Sa anong bagay inihambing ni Balagtas si Selya? |

Para mapag-aralan ng mga mag-aaral ang mga uri ng tayutay, i-click ang link. *https://tl.wikipedia.org/wiki/Tayutay*

Para sa mga **Uri ng Tayutay**, maaari din naman na ang guro na ang maghanda ng tala para sa mga uri ng tayutay.

Para sa **SIMBOLO**, malaya ang mga mag-aaral na magbigay ng kung ilang simbolo ang makikita nila.

| | |
|---|---|
| Selyang sagisag mo'y ang M.A.R.<br>sa Birheng mag-ina'y ipamintakasi<br>ang tapat mong lingkod na si F.B. | <br>*Sagot: Metapora o pagwawangis* |

**Gawain 3. SIMBOLO**

**Tala:** Ang **simbolo** ay bagay na kumakatawan o salita, parirala, hulagway, o katulad na may masasalimuot na kaugnay na kahulugan at itinuturing na halagang likás at hiwalay sa kinakatawan nitó**.**

**Panuto:** Balikan ang saknong 1-22 ng “Kay Selya.” Itala ang mga simbolong ginamit sa mga saknong at ibigay ang kahulugan nito.

| Bilang ng Saknong | Simbolo | Kahulugan |
|---|---|---|
| *Hal: 17* | *musa* | *inspirasyon* |
| | | |
| | | |

**IKAAPAT NA ARAW**

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

**SURING-SAKNONG.** Bigyan ng mas malalim na pagpapakahulugan ang bahaging nakasulat nang madiin.

11. Nagbabalik mandi’t parang hinaharap
dito ang panahong masayang lumipas
**na kung maliligo’y sa tubig aagap,**
**nang hindi abutin ng tabsing sa dagat.**

**Tanong 1**: Ano ang ibig ituro ni Balagtas sa mga taludtod na nakasulat nang madiin?

Kahulugan: Nang sabihin ni Balagtas na **na kung maliligo’y sa tubig aagap,**
**nang hindi abutin ng tabsing sa dagat,** nais niyang ituo na ___________________
______________________________________________________________________

***Mungkahing sagot:*** Daig ng maagap ang masipag. Sa anumang gawain, ang pagiging maagap ay mahalaga upang hindi mahuli at mapag-iwanan sa mabubuting oportunidad na maaaring biglang dumating.

Ang tanong sa suring-saknong ay ipasagot sa mga mag-aaral gamit ang buong pangungusap upang nasasanay na rin sila sa pagsulat nang maayos.

| | | |
|---|---|---|
| | ___<br>**Tanong 2:** Sa anong sitwasyon sa buhay maiuugnay ang sinabing ito ni Balagtas sa kanyang awit?<br>Sagot: ___<br>___ | |
| **D. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>**BIYAHENG ALBANYA.** Basahin ang saknong 1-6 ng “Sa Babasa Nito.” Isa-isahin ang mga paalala ni Balagtas sa sinumang magbabasa ng Florante at Laura.<br>Isulat sa loob maleta sa ibaba ang salita o mga salitang magiging gabay mo sa pag-aaral ng Florante at Laura ayon na rin sa tagubilin ni Balagtas.<br><br>Clker-Free-Vector-Images. (n.d.). Illustration of a suitcase [Online photo]. Needpix.com. https://www.needpix.com/photo/171755/.<br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Gabay-Nilay (Pasalita)**<br>Kaugnay ng mga naisulat ng mag-aaral sa maleta, ipasagot sa mga mag-aaral ang tseklist sa ibaba. Mula dito ay hingan ng reaksyon ng guro ang mga mag-aaral kaugnay ng kanilang naging mga sagot. | Halimbawang sagot na isusulat sa loob ng maleta ay:<br>1. pahalagahan<br>2. namnamin<br>3. pakamahalin<br>4. suriin muna |

| Pagninilay Kaugnay ng "Sa Babasa Nito" | PALAGI | MINSAN | HINDI |
|---|---|---|---|
| 1. Napapahalagahan mo ba ang mga nababasa mong akdang pampanitikan sa klase? | | | |
| 2. Inuunawa mo bang mabuti ang mga kaisipang natututuhan mula sa iyong nababasa? | | | |
| 3. Hindi mo ba pinipintasan o hinahamak ang mga akdang pampanitikan na pinag-aaralan sa klase? | | | |
| 4. Kung di nauunawaan, sinusuri mo bang mabuti ang mga aralin na iyong binabasa? | | | |

**Gabay-Nilay (Pasulat)**

Sumulat ng isang talata na kinapapalooban ng repleksyon tungkol sa natutuhan sa aralin. Ipaliwanag kung paano ito magagamit at mapahahalagahan sa iyong buhay bilang isang mag-aaral, miyembro ng iyong pamilya, at/o bilang mamamayan ng bansa at daigdig.

**Natutuhan mula sa Aralin:** ________________________________________________

1. Paano mo ito maiuugnay sa buhay (bilang mag-aaral, bilang miyembro ng pamilya, bilang mamamayan ng bansa at/o daigdig)?

2. Bilang mag-aaral, ano ang maaari mong gawin upang mapapanatili ang kapayapaan, katarungan at mapatatag ang mga institusyon sa ating lipunan (pamilya, paaralan, pamahalaan at simbahan)?

Ang **Gabay-Nilay** (Pasulat) ang bahagi ng **integrasyon** ng aralin.

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit:** Tukuyin ang sagot sa bawat bilang.<br><br>1. Alin ang di wasto kaugnay ng talambuhay ni Francisco Baltazar?<br>A. Tubong Bulacan si Balagtas.<br>B. Isang panday ang kanyang ama. | **Mga Tamang Sagot:**<br><br>1. D<br>2. C |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>C. Pang-apat siya sa magkakapatid.<br>D. Ipinanganak siya noong Pebrero 20, 1862.<br><br>2. Aling pangyayari sa buhay ni Balagtas ang nagpapakita ng pagpapahalaga niya sa edukasyon?<br>A. Nagsimula siyang mag-aral sa paaralang parokyal ng Bigaa.<br>B. Tinuruan niya ang kanyang mga kababayan kung papaano magbasa.<br>C. Naging katulong siya ni Donya Trinidad upang makapagpatuloy sa pag-aaral.<br>D. Naging makata siya sa maagang gulang at hindi na natapos ang kanyang kurso.<br><br>3. Alin sa sumusunod ang pinakatanyag sa lahat ng akdang nasulat ni Balagtas?<br>A. Orosman at Zafira<br>B. Florante at Laura<br>C. Don Nuño at Selinda<br>D. La India Elegante y el negrito amante<br><br>4. Ang mga magulang na hindi nagdidisiplina sa kanilang mga anak ay tiyak na sasakit ang ulo balang araw. Anong himagsik ito na tinalakay ni Balagtas sa kanyang akda?<br>A. Himagsik laban sa malupit na pamahalaan<br>B. Himagsik laban sa hidwang pananampalataya<br>C. Himagsik laban sa maling Kaugalian<br>D. Himagsik laban sa mababang uri ng panitikan<br><br>5. Alin sa mga sumusunod ang hindi kaugnay ng unang himagsik ni Balagtas?<br>A. Paninikil sa kalayaan sa pagsulat ng sariling opinyon.<br>B. Pagmamaltrato ng mga Kastila sa mga Pilipino lalo na sa mahihirap.<br>C. Hindi pantay na karapatan sa pagitan ng mga Pilipino at Kastila.<br>D. Tiwaling pamamalakad at paggawad ng hustisya ng pamahalaang Kastila.<br><br>6. Saknong 5: Ngayong namamanglaw sa pangungulila,<br>ang ginagawa kong pang-aliw sa dusa,<br>nagdaang panaho'y inaalaala,<br>sa iyong larawa'y ninitang ginhawa.<br><br>Anong tayutay ang ipinapakita ng nakasulat nang madiin?<br>A. Apostrope<br>B. Balintuna<br>C. Pagwawangis<br>D. Hayperbole</td>
<td>3. B<br>4. C<br>5. A<br>6. B<br>7. A<br>8. D<br>9. C<br>10. D</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 7. **Saknong 21:** Ahon sa dalata't pampang na nagligid,<br>tonohan ng lira yaring abang awit<br>na nagsasalitang buhay ma'y mapatid,<br>tapat na pagsinta'y hangad na lumawig.<br><br>Ano ang ibig sabihin ng ikalawang taludtod sa saknong?<br>A. Saliwan ng musika ang akda<br>B. Sasadsad na sa pampang ang makata<br>C. Malapit nang pumanaw ang makata<br>D. Lalo pa niyang gustong umibig<br><br>8. Anong salita sa saknong 21 ang nangangahulugan ng kamatayan?<br>A. aba B. lira C. pampang D. mapatid<br><br>9. **Saknong 22**. Ikaw na bulaklak niring dili-dili,<br>Selyang sagisag mo'y ang M.A.R.<br>sa Birheng mag-ina'y ipamintakasi<br>ang tapat mong lingkod na si F.B.<br><br>Ano ang simbolismong ginamit ni Balagtas?<br>A. Birhen B. Ipamintakasi C. Bulaklak D. Tapat<br><br>10. Alin sa mga sumusunod ang hindi ibinilin ni Balagtas sa mambabasa ng Florante at Laura?<br>A. Mapahalagahan ang kanyang akda.<br>B. Suriin muna ang binabasa bago ito hatulan.<br>C. Unawain mabuti ang awit upang manamnam ito.<br>D. Tularan si Sigesmundo na nagpalit ng salita sa isang akda.<br><br>**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**<br><br>Magsaliksik patungkol sa tauhang si Segismundo mula sa dulang La Vida Es Sueno. Bakit kaya siya ang tauhang binanggit ni Balagtas sa saknong 6 ng "Babasa Nito?" | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **B. Pagbuo ng Anotasyon** | **Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa** | **Epektibong Pamamaraan** | **Problemang Naranasan at Iba pang Usapin** | Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **alinmang sumusunod na bahagi.** | | | obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.<br><br>Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| | ***Estratehiya*** | | | |
| | ***Kagamitan*** | | | |
| | ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | | |
| | ***At iba pa*** | | | |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br><br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br><br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br><br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari ko pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagaw ng LAC. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |